

# HARD LOCKDOWN SA TUNDO

Hinirang ang gabing ito laban sa pagtitipon ng madla.
May tanod sa bawat kalye
Upang ihudyat ang pagpipinid ng pinto't bintana,
Ang pagpipinid ng bibig,
Ang pagpipinid ng talastasang magkakapitbahay.

Mangungulila ang mga posteng may ilaw
Sa mga gusgusing buhok na nagsusugal,
Nag-iinuman,
Nagpapataasan-ng-ihi,
Nagbibiláng ng kapalaran;
Sa magugulong buhok na nagtutuksuhan,
Nagpapalitan ng lihim at pangako,
Nagtetext,
Hanggang hatinggabing
Tulad sana ngayon na malinaw ang buwan.

Tanging ang sinampay ang naglalarô
Sa paminsan-minsang bugso ng mainit na simoy.
Kaluskos ng pusà sa yero.

Binabaluktot ng katahimikan ang mga anyo't anino,
Pinahahabà, pinaiikli, pinatatalim
Sapagkat naiimpit ang búhay;
Nagiging mga buntonghiningang
Walang kahulugan o naghahanap ng kahulugan,
Tulad ng mga nakatunganggang basurahan.




**Rio Alma**
**4 Mayo 2020**